

# Maging Alerto sa Manloloko Pagkatapos ng Ene. 21-23, 2024, Matinding Bagyo at Pagbaha ng San Diego County

---

Release Date: Abril 10, 2024

**San Diego, Calif.** — Ang aktibidad ng panloloko ay karaniwang tumataas pagkatapos ng sakuna. Ang mga manloloko ay maaring sumubok na kumuha ng pera mula sa mga nakaligtas o humingi ng personal na impormasyon upang subukan at nakawin ang kanilang pagkakakilanlan.

Sa ilang mga kaso, sinusubukan ng mga magnanakaw na mag-apply para sa tulong ng FEMA gamit ang mga pangalan, address at numero ng Social Security na ninakaw nila mula sa mga nakaligtas. Sa ibang pagkakataon, maaaring magpanggap ang mga impostor bilang mga opisyal ng FEMA o iba pang ahensya ng gobyerno.

Ang mga tauhan ng FEMA ay may mga dalang opisyal na badge ng pagkakakilanlan na may mga larawan. Ang mga kawani ng FEMA ay hindi kailanman naniningil sa mga aplikante para sa tulong sa sakuna, inspeksyon o tulong upang punan ang mga aplikasyon. Ang mga nakaligtas ay maaaring magulat ng panloloko sa pamamagitan ng email sa [StopFEMAFraud@fema.dhs.gov](mailto:StopFEMAFraud@fema.dhs.gov) o tumawag sa 866-223-0814.

If a FEMA inspector comes to a survivor's home and the survivor did not submit a FEMA application, the survivor's information may have been used without their knowledge. If so, survivors need to inform the inspector that they did not apply for FEMA assistance so the inspector can submit a request to stop further processing of that application.

Kung ang isang nakaligtas ay hindi nag-apply para sa tulong ngunit nakatanggap sila ng sulat mula sa FEMA, dapat nilang tawagan ang Helpline ng FEMA sa 800-621-3362. Ang helpline ay magsusumite ng kahilingan upang ihinto ang anumang karagdagang pagproseso ng aplikasyong iyon.



**FEMA**

Page 1 of 3

Kung nais ng mga nakaligtas na mag-apply para sa tulong ng FEMA pagkatapos ihinto ang isang mapanlinlang na aplikasyon na ginawa sa kanilang pangalan, tutulongan ng Helpline ang mga nakaligtas na lumikha ng bagong aplikasyon.

## Mga Scam

- Ang mga nakaligtas ay hindi dapat maniwala sa sinumang nangangako ng tulong sa sakuna na may kapalit na bayad.
- Dapat silang maging maingat sa mga hindi inaasahang tawag sa telepono o pagbisita sa kanilang bahay mula sa mga taong nagsasabing sila ay mga inspektor ng bahay ng FEMA o mga taong nagsasabing sila ay nagtatrabaho sa FEMA. Ang mga kinatawan ng FEMA ay magkakaroon ng siyam na digit na numero ng aplikasyon ng FEMA ng mga nakaligtas upang i-verify ang kredibilidad at mayroong mga opisyal na badge ng pagkakakilanlan na may mga larawan.
- Ang mga nakaligtas ay hindi dapat magbahagi ng impormasyon ng bangko sa isang taong nag-aangkin na isang inspektor ng bahay ng FEMA. Ang mga inspektor ng FEMA ay hindi kailanman pinahihintulutan na mangolekta ng personal na impormasyong pinansyal.
- Kung sa tingin ng isang nakaligtas na sila ay maaaring biktima ng isang scam o labis na pagtaas ng presyo, dapat nilang iulat ito kaagad sa lokal na pulisya o departamento ng sheriff o kontakin ang [California Department of Financial Protection and Innovation](https://www.dfp.ca.gov/) at 866-275-2677 or 916-327-7585 or email [ASK.DFPI@dfpi.ca.gov](mailto:ASK.DFPI@dfpi.ca.gov).
- Kung ikaw ay naghihinala ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, bisitahin ang [IdentityTheft.gov](https://www.identitytheft.gov/).

Para sa pinakabagong impormasyon ng FEMA sa Enero 21-23, 2024, matinding bagyo at pagbaha ng San Diego County, bisitahin ang [www.fema.gov/disaster/4758](https://www.fema.gov/disaster/4758).

###

*Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.*

*Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ibibigay nang walang diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na panliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan,*



**FEMA**

Page 2 of 3

*limitadong kasanayan sa Ingles, o katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Civil Rights Resource sa 833-285-7448 (TTY 800-462-7585). Ang mga gumagamit ng isang relay service tulad ng isang videophone, InnoCaption o CapTel ay dapat i-update ang FEMA gamit ang kanilang partikular na numero na itinalaga sa serbisyong iyon. Magagamit ang mga multiplayer operator (pindutin ang 2 para sa Espanyol).*



**FEMA**

Page 3 of 3